## Inisiyatiba ng Kapakanan ng Komunidad

## Mga Katunayan at Mga Madalas Itanong (Frequently Asked Questions, FAQ)

Ang Alameda County Social Services Agency, sa pakikipagtulungan sa Hellman Foundation, ay ipinagmamalaking ilunsad ang Inisiyatiba ng Kapakanan ng Komunidad. Ang programang ito ay pinopondohan sa pamamagitan ng magandang suporta ng Hellman Foundation.

**Layunin:** Para suportahan ang **naitatag na mga programa ng Garantisadong Kita** sa Alameda County, na nagpapahintulot sa kanilang:

- Palawigin ang haba ng kanilang programa
- Dagdagan ang bilang ng mga kalahok na sinusuportahan nila
- Dagdagan ang mga halaga ng buwanang pagbabayad

**Mga Gawad na Pagpopondo:**

- Hanggang 3 gawad na tulong na salapi ang gagawin
- Hindi dapat lumampas ang mga tulong na salapi sa $175,00 bawat organisasyon

**Sino ang Makakapag-apply?**

Kwalipikadong mag-apply ang mga organisasyon kung sila ay:

- Kasalukuyang nagsasagawa ng programa ng garantisadong kita o nasa proseso ng paglulunsad ng karagdagang grupo na sinusuportahan ang mga residente ng Alameda County na may limitadong asset, limitadong kita, at napapabilang sa mga sumusunod na kategorya:
    - Mga pamilyang may kahit isang maliit na anak (zero hanggang 8 taong gulang ang edad)
    - Kabataan na umaalis mula sa foster care at/o juvenile justice system
    - Mga senior citizen
    - Ang mga buntis na indibiduwal na nasa pinakamataas na panganib na manganak nang maaga
- Matatagpuan sa Alameda County (dapat mayroong aktwal na lokasyon sa Alameda County)
- Ang nonprofit na organisasyon na may 501(c)(3) na status o aplikante na gumaganap na tulad ng isang nonprofit na organisasyon ay maaaring mag-apply sa isang piskal na sponsor.

## Mga Madalas Itanong (FAQ)

**Tanong 1: Ano ang pangunahing layunin ng Inisiyatiba ng Kapakanan ng Komunidad?**

**Sagot:** Ang pangunahing layunin ay suportahan at palakasin ang dati nang mga programa ng Garantisadong Kita sa Alameda County para tulungan ang mga residente na makakuha ng mas malaking pang-ekonomikong oportunidad, pagandahin ang mga resulta ng edukasyon at pagandahin ang kalusugan.

**Tanong 2: Ilang organisasyon ang popondohan?**

**Sagot:** Tatlong organisasyon ang pipiliin para tumanggap ng pagpopondo sa pamamagitan ng inisiyatibang ito.

**Tanong 3: Gaano karaming pagpopondo ang matatanggap ng bawa't isa sa piniling organisasyon?**

**Sagot:** Ang bawa't isa sa tatlong organisasyon ay makakatanggap ng hanggang $175,000.

**Tanong 4: Kailangan ba naming maging bago o dati nang programa ng Garantisadong Kita?**

**Sagot:** Partikular na tina-target ng inisiyatibang ito ang naitatag nang mga programa ng Garantisadong Kita. Layunin ng mga pondo na tulungan ang mga dati nang programang ito na pahabain, palawakin, o dagdagan ang kanilang mga kasalukuyang serbisyo.

**Tanong 5: Maaari bang mag-apply ang mga organisasyon sa labas ng Alameda County?**

**Sagot:** Hindi, mga organisasyon lang na kasalukuyang nagsasagawa ng programa ng Garantisadong Kita at sinusuportahan ang mga residente na eksklusibong nasa Alameda County at mayroong opisina na aktwal na matatagpuan sa Alameda County ang kwalipikadong mag-apply.

**Tanong 6: Ano ang mga pangunahing bahagi na pinagtutuunan ng pansin ng inisiyatibang ito?**

**Sagot:** Layunin ng inisiyatibang ito na dagdagan ang mga benepisyo ng komunidad sa mga larangan ng Pang-ekonomikong Oportunidad, Edukasyon at Kalusugan.

**Tanong 7: Ang mga pondo bang natatanggap ay kailangang iulat sa aking mga buwis?**

**Sagot:** Pakitanong sa propesyonal sa buwis ng iyong organisasyon para sa mga kinakailangan sa pag-uulat.